KAMPEON
BAHAGI 2

1 PASENSYA -LABAN SA- PAGKAMAINIPIN

MAGKAPARES NA KARD

2 PASENSYA -LABAN SA- PIGHATI

MAGKAPARES NA KARD

3 PASENSYA -LABAN SA- KAPALALUAN

MAGKAPARES NA KARD

4 PASENSYA -LABAN SA- GALIT

MAGKAPARES NA KARD

5 PASENSYA -LABAN SA- KARAPATAN

MAGKAPARES NA KARD

6 KABAITAN -LABAN SA- PAGHAHAMBING

MAGKAPARES NA KARD

7 KABAITAN -LABAN SA- PANLILINLANG

MAGKAPARES NA KARD

8 KABAITAN -LABAN SA- PAGHIHIWALAY

MAGKAPARES NA KARD

9 KABUTIHAN -LABAN SA- HANGARIN

MAGKAPARES NA KARD

10 KABUTIHAN -LABAN SA- KAWALANG INTERES

MAGKAPARES NA KARD

11 KABUTIHAN -LABAN SA- KASAMAAN

MAGKAPARES NA KARD

12 KABUTIHAN -LABAN SA- MAKASARLING AMBISYON

MAGKAPARES NA KARD

13 KABUTIHAN -LABAN SA- KARUMIHAN

MAGKAPARES NA KARD

KAMPEON
BAHAGI 2

SA RUWEDA 1

Isulat sa dumi ang isang bagay na ginawa ng Diyos para sa iyo sa nakaraan, pagkatapos ay markahan ang lugar na iyon ng bato. Gumawa ng isa sa simbahan, bawat mag-aaral ay gagawa ng kanilang sariling espesyal na lugar, at gumawa ng isa pa sa bahay sa linggong iyon. Pagkatapos mong markahan ng bato ang iyong lugar, ibahagi sa ibang tao kung ano ang ginawa ng Diyos.

SA RUWEDA 2

Sumulat ng pasasalamat sa Diyos tungkol sa bagay na iyong pinagdusahan. Subukan itong sabihin tulad ng ginawa ni Job, "Ang Panginoon ang nagbigay at ang Panginoon ang nag-alis. Purihin ang pangalan ng Panginoon." Ibahagi sa klase ang iyong patotoo kung maaari.

SA RUWEDA 3

Gumawa ng mga aktibidad upang magpakumbaba. Maaari mong ibigay sa iba ang iyong lugar sa linya, iwasan ang manood ng palabas sa TV kung saan ang tauhan ay puno ng pagmamalaki, ibigay ang iyong lugar sa entablado o sa harap ng iba, o pahintulutan ang iba na maging tama.

SA RUWEDA 4

Bumili ng ilang maliit na bagay upang ipamigay bilang regalo. Sa tuwing ikaw ay nagagalit, ibigay ang isang bagay sa taong may galit ka. Subukang tanggalin ang iyong galit sa pamamagitan ng pagbigay ng maliliit na regalo sa mga tao, at panooring lumago ang iyong pasensya.

SA RUWEDA 5

Sa linggong ito wala kang utang sa sinuman. Sa bawat oras na nais mong humiling ng isang bagay, pigilan ang iyong sarili. Sa bawat oras na magtatagumpay kang pigilan ang iyong sarili sa paghingi ng pagkain, pabor, oras o tulong; panalo ka laban sa kasalanan.

SA RUWEDA 6

Bigyan ang sarili ng 20 maliliit na bola sa simula ng linggo. Sa bawat oras na mapansin mong iyong inihahambing ang sarili sa iba, mag-alis ng isang bola. Kabilang dito ang facebook o iba pang mga online application kung saan madalas nating ihambing ang sarili natin sa iba. Kung kailangan, alisin ang facebook sa buong linggo.

SA RUWEDA 7

Sa linggong ito, pumunta sa tao na iyong pinagsinungalingan at sabihin sa kanila ang totoo. Humihingi ng paumanhin para sa pagsisinungaling at hilingin sa kanila na ikaw ay patawarin. Sa bawat oras na ikaw ay babalik at sasabihin ang katotohanan ay isang malaking panalo laban sa kasalanan.

SA RUWEDA 8

Maghanap ng taong tutulungan, lalo na kung ito ay "hindi iyong problema." Magbigay sa pulubi sa kalye, o sa isang bata sa paaralan na nangangailangan ng bagong lapis o pambura. Tiyakin na sila ay walang kaugnayan sa iyo, at ikaw ay walang responsibilidad o kailangan upang tulungan sila.

SA RUWEDA 9

Protektahan ang ibang tao ngayong linggo mula sa taong masama sa kanila ng walang dahilan. Habang pinoprotektahan natin ang ibang tao, labanan din natin ang kasalanan sa ating puso. Isapanganib ang iyong sariling reputasyon upang protektahan ang ibang tao.

SA RUWEDA 10

Manalangin at hilingin sa Diyos na madagdagan ang pagmamahal sa iyong puso sa linggong ito. Maghanap ng bagay na maaari mong gawin para sa iba upang madagdagan ang iyong pagmamahal sa iba. Bumisita sa ministeryo at alamin kung ano ang kanilang ginagawa, tumulong sa isang kanlungan na nagpapakain sa iba, o manood ng mga video tungkol sa mga pangangailangan sa buong mundo. Lumahok kung saan ka maaari.

SA RUWEDA 11

Humanap sa paligid mo ng presensya ng kasamaan, kung saan nananakit ang iba ng walang dahilan. Maghanap ng paraan upang mamagitan sa linggong ito upang protektahan ang taong walang sala. Maaaring tulungan sila na lumakad sa ibang daan pauwi mula sa paaralan, magbigay ng pananghalian, o magkaroon ng grupo ng 4 na sasama sa iyo sa paglakad sa kanila.

SA RUWEDA 12

Huwag gagawa ng paraan sa linggong ito upang madagdagan ang iyong katanyagan o kasikatan. Sa bawat oras na magkaron ng oportunidad, balewalain ito. Habang ginagawa mo ito, sinusuntok mo ang mapanlinlang na kasalanan.

SA RUWEDA 13

Alagaan ang iyong puso sa linggong ito. Kung may masamang nagawa sa iyo, tandaan na sila ang nagkasala, hindi ikaw. Sabihin sa panalangin araw-araw, "ako'y malinis sa harap ninyo, Panginoon". Kung nakagawa ka ng isang bagay laban sa iba, humingi ng tawad sa taong iyon at sa Diyos. Pagkatapos ay maaari mo ring dasalin, "ako'y malinis sa harap ninyo, Panginoon."